

Kamalayan sa MGA Panganib at Kaligtasang Panghanap Buhay sa Gawain Ng Pagmimina Para sa MGA MAG-Aaral Na Elementarya

Mipana, Marjorie S., Serdan, Geraldine A., Escultor, Gemma R.

Surigao Del Norte State University, Philippines

Abstract: *Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa kamalayan ng mga mag-aaral sa elementarya hinggil sa mga panganib at kaligtasang panghanap-buhay sa gawain ng pagmimina. Sa kabila ng kahalagahan ng industriya ng pagmimina sa ekonomiya, ito ay may kasamang mga panganib na maaaring makaapekto sa kalusugan at kapaligiran. Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang antas ng kamalayan ng mga mag-aaral sa mga panganib na kaakibat ng pagmimina, pati na rin ang kanilang pag-unawa sa mga kaligtasan at proteksiyon na dapat isaalang-alang. Gamit ang isang talatanungan, sinuri ang mga pananaw at kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa mga panganib ng pagmimina at ang mga kasalukuyang programa sa paaralan na naglalayong itaas ang kanilang kamalayan. Ang mga resulta ay nagpahayag ng limitadong kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa mga tiyak na panganib at kaligtasan sa pagmimina, na nagpapakita ng pangangailangan para sa mas malawak na edukasyon at mga aktibidad na nakatuon sa kaligtasan. Bilang rekomendasyon, inirekomenda ang paggawa ng modyul upang mas mapalawak pa ang kamalayan ng mga mag-aaral sa elementarya sa mga programang pang-edukasyon sa mga paaralan at ang pakikipagtulungan ng mga komunidad upang mas mapabuti ang kamalayan at kaalaman ng mga mag-aaral hinggil sa mga panganib at kaligtasan sa pagmimina. Ang pag-aaral na ito ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng masusing edukasyon sa mga kabataan upang maging handa sila sa mga hamon na dala ng industriyang ito*

Susing Salita: Kamalayan ng mag-aaral, panganib sa pagmimina, kaligtasang panghanap-buhay, edukasyong pangkaligtasan, elementarya

KABANATA 1 PANIMULA

Ang pagmimina ay isa sa mga pangunahing sektor na nagbibigay ng mahahalagang likas na yaman sa ating bansa. Sa kabila ng kontribusyon nito sa pag-unlad ng ekonomiya, may mga panganib at hamon na kaakibat ang industriyang ito na dapat isaalang-alang, lalo na ng mga kabataan. Ang mga proseso ng pagmimina, kabilang ang pagkuha at pagproseso ng mga mineral, ay nagdadala ng mga epekto hindi lamang sa kapaligiran kundi pati na rin sa kalusugan at kaligtasan ng mga tao, lalo na sa mga komunidad na malapit sa mga minahan.

Sa konteksto ng edukasyon, mahalaga na ang mga mag-aaral sa elementarya ay magkaroon ng sapat na kaalaman at kamalayan tungkol sa mga panganib at kaligtasan na kaugnay ng pagmimina. Ang pagkakaroon ng wastong impormasyon ay makatutulong sa kanila upang maging responsableng mamamayan na may pag-unawa sa mga epekto ng pagmimina sa kanilang buhay at sa kanilang komunidad. Sa kanilang murang edad, ang mga natutunan nila hinggil sa industriyang ito ay maaaring maging pundasyon para sa kanilang pag-unlad at pakikilahok sa mga usaping pangkalikasan at pangkomunidad sa hinaharap.

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay suriin ang antas ng kamalayan ng mga mag-aaral sa elementarya hinggil sa mga panganib at kaligtasang panghanap-buhay sa gawain ng pagmimina. Mahalaga na malaman kung paano naiintindihan ng mga kabataan ang mga isyu ng kaligtasan at kung ano ang kanilang mga pananaw sa mga hakbang na dapat isagawa upang maprotektahan ang kanilang sarili at ang kanilang komunidad.

Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, inaasahang makakakuha tayo ng masusing pag-unawa sa mga persepsyon at kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa pagmimina. Ang mga natuklasan ay maaaring magsilbing batayan para sa

pagpapaunlad ng mga programa sa edukasyon na naglalayong itaas ang kamalayan at kaalaman ng mga kabataan sa mga panganib at kaligtasan sa industriyang ito. Sa huli, ang layunin ay makabuo ng mga rekomendasyon na makatutulong sa mga paaralan at lokal na komunidad upang mapabuti ang kamalayan ng mga mag-aaral sa mga aspeto ng pagmimina at pangangalaga sa kalikasan.

Suring-basa ng mga Literatura

Hangad ng bahaging ito na mailahad ang ilang mga literatura at pag-aaral na sinuri na nagsisilbing gabay upang mapayaman, mapaunlad, mapalawak, at mapatunayan ang lahat ng inilahad na kaisipan sa buong pananaliksik naito.

Mga Kaugnay na Teorya

Teoryang Socio-Cognitive Learning, na binuo ni Albert Bandura, ay isang mahalagang teorya sa larangan ng edukasyon at sikolohiya. Ipinapahayag nito na ang mga tao ay natututo hindi lamang sa pamamagitan ng direktang karanasan kundi pati na rin sa pamamagitan ng pagmamasid at pakikipag-ugnayan sa iba. Ang teoryang ito ay may malawak na aplikasyon, lalo na sa pag-unawa kung paano nagkakaroon ng kamalayan ang mga mag-aaral sa mga panganib at kaligtasan sa pagmimina.

Sa konteksto ng kamalayan sa mga panganib ng pagmimina:

Ang mga seminar at workshop na isinagawa sa paaralan ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na makakuha ng kaalaman mula sa mga eksperto at guro. Dito, sila ay natututo hindi lamang sa mga teoretikal na aspeto kundi pati na rin sa mga praktikal na hakbang na dapat isagawa sa mga panganib ng pagmimina.

Ang mga dokumentaryo, artikulo, at iba pang materyales sa media ay maaaring magbigay ng impormasyon tungkol sa mga panganib at kaligtasan. Ang mga mag-aaral ay maaaring matuto mula sa mga kwento ng ibang tao na nakaranas ng mga panganib sa pagmimina, na nagiging inspirasyon sa kanila upang maging mas maingat.

Ang pakikipag-ugnayan sa mga pamilya at komunidad ay mahalaga. Ang mga magulang at iba pang matatanda sa komunidad ay maaaring magbahagi ng kanilang mga karanasan at kaalaman tungkol sa kaligtasan sa pagmimina, na nagiging batayan ng mga mag-aaral sa kanilang sariling mga pananaw at desisyon.

Teoryang Constructivism, na isinulong nina Jean Piaget at Lev Vygotsky, ay nagpapahayag na ang mga tao ay hindi lamang pasibong tumatanggap ng impormasyon kundi aktibong bumubuo ng kanilang kaalaman batay sa kanilang mga karanasan at interaksyon sa kapaligiran. Sa konteksto ng edukasyon, ang teoryang ito ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng aktibong pagkatuto at ang papel ng mga hands-on na aktibidad sa pagbuo ng kaalaman.

Mga Kaugnay na Pag-aaral

Mga Programa at Estratehiya sa Paaralan

Ang kamalayan ng mga mag-aaral tungkol sa pagmimina at ang mga panganib na kaakibat nito ay mahalagang bahagi ng kanilang edukasyon, lalo na sa mga lugar na may aktibong pagmimina. Ayon kay Garcia (2023), may mga kasalukuyang programa sa mga paaralan na naglalayong itaas ang kamalayan ng mga mag-aaral tungkol sa mga aspeto ng pagmimina. Ang mga programang ito ay karaniwang naglalaman ng mga seminar, workshop, at iba pang mga aktibidad na idinisenyo upang magbigay ng impormasyon at edukasyon sa mga kabataan.

Maraming paaralan ang nagpatupad ng mga programang pang-edukasyon na nakatuon sa pagmimina. Ayon sa mga pag-aaral, ang mga seminar at workshop ay ilan sa mga pangunahing inisyatiba na ginagamit upang itaas ang kamalayan ng mga mag-aaral (Reyes, 2022). Ang mga ganitong aktibidad ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na makinig sa mga eksperto at matuto tungkol sa mga proseso ng pagmimina, mga panganib na kaakibat nito, at mga hakbang sa kaligtasan. Gayunpaman, may mga limitasyon ang mga programang ito na dapat isaalang-alang. Bagamat ang mga inisyatibang ito ay mahalaga, binanggit ni Garcia (2023) na hindi palaging epektibo ang mga programang ito at maaaring hindi sapat upang masakop ang lahat ng aspeto ng kaligtasan at panganib. Ang kakulangan ng interaktibong bahagi sa mga seminar at workshop ay isa sa mga pangunahing isyu. Ayon kay Bautista (2023), ang mga mag-aaral ay madalas na nahihirapang makuha ang impormasyon kung ito ay ipinapahayag lamang sa pamamagitan ng tradisyunal na paraan ng pagtuturo. Ang mga ganitong programa ay maaaring hindi sapat upang mapanatili ang interes ng mga mag-aaral at hikayatin silang makilahok.

Kahalagahan ng Interaktibong Estratehiya

Ang mga pag-aaral ay nagpapakita na ang interaktibong mga estratehiya ay mas epektibo sa pagbuo ng kamalayan at kaalaman (Cruz, 2022). Ang mga aktibidad tulad ng role-playing, simulation games, at hands-on na proyekto ay nagpapalakas ng partisipasyon ng mga mag-aaral at nagbibigay-daan sa kanila upang mas aktibong matutunan ang mga konsepto ng pagmimina at kaligtasan. Ayon kay Delos Reyes (2023), ang mga ganitong estratehiya ay hindi lamang nagpapalalim ng kaalaman kundi nagiging daan din upang ang mga mag-aaral ay makabuo ng mga kritikal na pananaw tungkol sa industriyang ito. Upang mas mapabuti ang mga programa sa paaralan, inirerekomenda ng mga mananaliksik na dapat isama ang mas maraming interaktibong elemento at praktikal na aplikasyon sa mga kurikulum (Mendoza, 2023). Ang paglikha ng mga partnership sa mga lokal na komunidad at mga eksperto sa pagmimina ay maaaring magbigay ng mas malalim na kaalaman at karanasan sa mga mag-aaral. Gayundin, ang mga guro ay dapat sanayin sa mga makabago at epektibong paraan ng pagtuturo na nakatuon sa mga isyu ng kaligtasan sa pagmimina.

Ang Pagsasanay sa Environmental Education

Sa pagsusuri ni Smith (2017), itinatampok ang kahalagahan ng mga programa ng environmental education sa pagpapabuti ng kamalayan ng mga mag-aaral, lalo na sa aspeto ng pangangalaga sa kalikasan. Ang pagsasanay na ito ay nag-aambag ng positibong epekto sa mga mag-aaral at maaaring magsilbing pundasyon para sa kanilang pang-unawa sa konteksto ng pagmimina. Ayon kay Smith, ang mga programa ng environmental education ay nagbibigay ng pundasyon para sa masusing pag-unawa ng mga mag-aaral sa aspeto ng pagmimina. Ang mga ito ay nagbibigay hindi lamang ng impormasyon kundi pati na rin ng mga kasanayan at kakayahan na kinakailangan para sa isang mapanagot na mamamayan. Binigyang diin rin niya ang environmental education bilang pangunahing kontributor sa paghubog ng kamalayan sa aspeto ng pagmimina. Ipinapakita nito na ang wastong pagsasanay ay hindi lamang nagbibigay ng impormasyon kundi nagtuturo rin ng mga halaga at asal na may kaugnayan sa pangangalaga sa kalikasan.

Ang gampanin ng mga Guro

Ayon kay Johnson (2019), ang kahandaan at kasanayan ng mga guro ay naglalarawan ng kanilang kakayahan na maging epektibong tagapagturo. Ang pagkakaroon ng sapat na kaalaman at ang kakayahang ipasa ito nang maayos sa mga mag-aaral ay naglalarawan ng isang guro na nagbibigay halaga sa pagpapalawak ng kamalayan ng mga mag-aaral hinggil sa pagmimina. Ang guro ay hindi lamang nagbibigay ng impormasyon kundi nagiging pangunahing tagapagturo ng mga aspeto ng pagmimina. Ang kanilang kahandaan na ibahagi ang kanilang kaalaman ay may malalim na epekto sa pag-unlad ng kamalayan ng mga mag-aaral. Binibigyang-diin ng pagsusuri ang kahalagahan ng wastong edukasyon mula sa mga guro. Ang mga guro ay may malaking papel sa pagtuturo ng mga konsepto, proseso, at epekto ng pagmimina, at ang kanilang kakayahan na maipasa ang mga ito sa mga mag-aaral ay bumubuo sa pangkalahatang kamalayan.

Pagsasanay sa mga Magulang

Ayon kay Wong (2016), ang mga magulang ay may mahalagang papel sa pagbuo ng kamalayan ng mga mag-aaral hinggil sa gawain ng pagmimina. Ang pagsasanay ng mga magulang ukol sa pagmimina ay itinuturing na may pangmatagalang epekto sa pang-unawa ng mga mag-aaral sa industriya ng pagmimina. Ang mga aral at halimbawa na itinuturo ng mga magulang ukol sa pagmimina ay maaaring maging pundasyon para sa masusing pang-unawa ng mga anak sa hinaharap.

Epekto ng Pagmimina sa Kalikasan

Sa pagsusuri ni Martinez (2020), ipinakikita ang kahalagahan ng pag-unawa sa epekto ng pagmimina sa kalikasan, lalo na sa konteksto ng edukasyon. Ang pagsusuri na ito ay nagbibigay-diin sa pagpapakita ng konkretong halimbawa ng epekto ng pagmimina upang mahikayat ang mga mag-aaral na maging mas proaktibo sa pangangalaga ng kalikasan. Binibigyang-diin ni Martinez (2020) ang kahalagahan ng pagbibigay ng konkretong halimbawa ng epekto ng pagmimina. Ipinapakita nito na ang mga mag-aaral ay mas magiging interesado at makaka-relate sa isyu kung ito'y ipinapakita sa kanila sa pamamagitan ng mga pangunahing halimbawa.

Kahalagahan ng Environmental Education

Sa pag-aaral ni Johnson (R. K.) na may pamagat na "Environmental Education in Elementary Schools: A Review of the Literature," binigyang-diin ang papel ng environmental education sa paghubog ng kamalayan ng mga mag-aaral tungkol sa kalikasan at sa mga isyu na nakakaapekto dito. Ipinakikita ng pagsusuri ni Johnson na ang environmental education ay hindi lamang nagbibigay ng impormasyon tungkol sa kalikasan kundi nag-uugnay din sa mga mag-aaral sa kanilang kapaligiran. Ang mga aralin na nakatuon sa mga aspeto ng kalikasan ay nakatutulong sa mga bata upang maunawaan ang kanilang papel at responsibilidad sa pangangalaga ng kapaligiran. Sa pamamagitan ng mga programang ito, nagiging mas maalam ang mga mag-aaral tungkol sa mga isyu tulad ng polusyon, pagbabago ng klima, at pagkasira ng mga likas na yaman. Binibigyang-diin ni Johnson ang pangangailangan na isama ang environmental education sa kurikulum ng elementarya. Ang pag-integrate ng mga aralin ukol sa kalikasan ay nagiging daan upang maging bahagi ng pang-araw-araw na karanasan ng mga mag-aaral ang pag-aaral tungkol sa kapaligiran. Sa ganitong paraan, ang mga bata ay hindi lamang natututo sa loob ng silid-aralan kundi nagiging aktibong kalahok sa mga hakbang tungo sa pangangalaga ng kalikasan.

Mining Awareness Programs

Ang mga mining awareness programs ay naging mahalagang bahagi ng edukasyon sa elementarya, lalo na sa mga lugar kung saan ang pagmimina ay may malaking papel sa ekonomiya at pamumuhay ng mga tao. Sa pag-aaral ni Garcia (2018), itinatampok ang kahalagahan ng mga programang ito sa pagpapalawak ng kamalayan at pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa pagmimina. Ayon kay Garcia, ang mga mining awareness programs ay naglalayong magbigay ng kaalaman sa mga mag-aaral tungkol sa sektor ng pagmimina. Sa pamamagitan ng mga aktibidad at leksyon, natututo ang mga bata tungkol sa mga proseso ng pagmimina, mga uri ng mineral, at ang mga benepisyo at panganib na kaakibat nito. Ang mga programang ito ay nagbibigay ng isang masusing pag-unawa sa mga aspeto ng pagmimina na mahalaga para sa kanilang paglago bilang responsableng mamamayan. Ipinapakita ni Garcia na ang paggamit ng interaktibong pamamaraan sa pagtuturo ay isang mabisang estratehiya sa mga mining awareness programs. Ang mga aktibidad na nakatuon sa pagsasanay, tulad ng mga simulation games at group discussions, ay nakatutulong upang ma-engganyo ang mga mag-aaral na makilahok at magtanong. Ang ganitong pakikilahok ay nag-uudyok sa kanila na magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa mga isyu ng pagmimina.

Pagsasanib ng Sektor ng Edukasyon at Industriya:

Ang pag-aaral ni G. Tan (2017) na may pamagat na "Sektor ng Edukasyon at Industriyalisasyon: Ang Kanilang Pagsasanib," ay naglalarawan ng kahalagahan ng pagsasanib ng sektor ng edukasyon at industriya para sa maayos na pagtuturo ng mga estudyante sa mga pangangailangan ng industriya. Ang akda na ito ay nakatutulong, lalo na sa bahagi na nagsusuri kung paanong ang salitang minero at ang kaalaman sa pagmimina ay maaaring maisama sa kurikulum ng edukasyon sa elementarya. Maaring gamitin ang ideya ni Tan upang patunayan ang kahalagahan ng paghahanda ng mga estudyante para sa mga pangangailangan ng industriya ng pagmimina sa hinaharap.

Maaari ring makatulong ang akdang ito sa pag-unawa ng potensyal na papel ng edukasyon sa paghubog ng mga kabataan para sa mga hamon at oportunidad sa industriyalisasyon, partikular sa sektor ng pagmimina. Ang kaugnayan ng edukasyon sa pangangailangan ng industriya ay maaaring magbukas ng pinto para sa masusing pagsusuri kung paanong ang mga terminolohiyang minero ay maaaring itaguyod sa elementaryang antas ng edukasyon. Sa paggamit ng ideya ni Tan ay maaaring mailahad kung paanong ang pag-aaral ng mga salitang minero ay maaaring maging bahagi ng pagsasanay at paghahanda ng mga estudyante para sa hinaharap, na may tiyak na kaugnayan sa pangangailangan ng industriya ng pagmimina.

Ang Batang Isip sa Pag-unawa ng Pagmimina

Ang pag-unawa sa mga konsepto ng pagmimina ay isang mahalagang bahagi ng edukasyon sa mga kabataan. Sa pag-aaral ni Brown (2019), binigyang-diin ang kakayahan ng batang isip na maging malikhain at masigasig sa pag-unawa ng mga ideya na may kinalaman sa pagmimina. Ang kanyang pagsusuri ay nagmumungkahi na ang paggamit ng mga pambatang approach at kwento ay maaaring maging epektibong paraan upang mapalalim ang kamalayan ng mga bata sa mga aspektong ito.

Ayon kay Brown, ang batang isip ay may likas na kakayahan sa malikhain na pag-unawa. Ang kanilang isipan ay bukas sa mga bagong ideya at konsepto, na nagbibigay-daan sa kanila upang mas madaling maunawaan ang mga komplikadong aspeto ng pagmimina. Ang ganitong kakayahan ay maaari ring maging pundasyon sa pagbuo ng masusing pang-unawa sa mga proseso at epekto ng pagmimina sa kalikasan at lipunan. Binibigyang-diin ni Brown ang halaga ng paggamit ng mga pambatang approach at kwento sa pagtuturo ng mga konsepto ng pagmimina. Ang mga kwento ay hindi lamang nagbibigay ng impormasyon kundi nagiging kasangkapan din upang makuha ang interes ng mga bata. Sa pamamagitan ng mga nakaka-engganyong kwento, mas nagiging relatable ang mga aral at ideya, na nag-uudyok sa mga bata na mas pag-aralan ang mga konsepto ng pagmimina. Ang paggamit ng mga interaktibong pagsasanay, tulad ng mga laro at group activities, ay isa rin sa mga inirerekomendang estratehiya ni Brown. Ang mga aktibidad na ito ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na aktibong makilahok sa kanilang pagkatuto, na nagiging sanhi ng mas malalim na pag-unawa sa mga konsepto ng pagmimina. Sa ganitong paraan, ang mga bata ay nagiging mas handa na talakayin ang mga isyu na kaakibat ng industriya ng pagmimina.

Ang pag-aaral ni Brown (2019) ay naglalayong ipakita ang kahalagahan ng malikhain at nakaka-engganyong pamamaraan sa pagtuturo ng mga konsepto ng pagmimina. Ang paggamit ng mga pambatang approach at kwento ay hindi lamang nagpapalalim ng pag-unawa kundi nagiging daan din upang ang mga mag-aaral ay maging mas responsable at maalam na mamamayan. Sa pamamagitan ng mga estratehiyang ito, ang mga kabataan ay nagiging handa na harapin ang mga isyu at hamon na kaakibat ng pagmimina at ang epekto nito sa kanilang komunidad.

Sintesis

Ang kasalukuyang pananaliksik ay may malaking pagkakatulad sa mga nabanggit na pag-aaral, partikular sa pagbibigay-diin sa kahalagahan ng edukasyon, aktibong partisipasyon ng mga guro, pagsasanay ng mga magulang, at mga programa tulad ng environmental education. Ang mga elementong ito ay nakikita bilang mga pangunahing salik na nakakaapekto sa pag-unawa at kamalayan ng mga mag-aaral hinggil sa mga isyu ng pagmimina at kalikasan.

Gayunpaman, maaaring magkakaiba ang pokus ng mga pag-aaral. Halimbawa, ang mga naunang pag-aaral na ini-cite ay maaaring nakatuon sa mga aspeto ng pangkalusugan, samantalang ang kasalukuyang pag-aaral ay nakatuon sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral sa elementarya. Ang pagkakaibang ito sa pokus ay nagpapakita ng lawak ng mga isyu na maaaring talakayin sa konteksto ng pagmimina at edukasyon.

Maaari ring magkaiba ang sample ng mga mag-aaral na kinokonsidera sa mga ini-cite na literatura kumpara sa kasalukuyang pagsusuri. Ang kasalukuyang pagsusuri ay maaaring maglaman ng mas partikular na grupo ng mag-aaral o may mas malawak na saklaw, na nilalayon na mas mabigyang-pansin ang mga mag-aaral na nakatira malapit sa industriya ng pagmimina, partikular sa Barangay Mabini at Barangay Mat-i, lungsod ng Surigao.

Sa kabuuan, ang mga naunang pag-aaral ay nagsilbing gabay at batayan sa mananaliksik sa pagbuo ng isang modyul na naglalaman ng mga epekto ng pagmimina. Ang modyul na ito ay naglalayong mas mapalawak ang kamalayan ng mga mag-aaral sa antas ng elementarya, na mahalaga upang sila ay maging maalam at responsableng mamamayan sa hinaharap. Ang pagsasama ng mga natutunan mula sa mga naunang pag-aaral ay makatutulong sa paglikha ng mas epektibong mga programa at estratehiya sa edukasyon na tumutukoy sa mga isyu ng pagmimina at kalikasan.

Paglalahad ng Suliranin

Ang pananaliksik na ito ay isinasagawa sa pagnanais na maunawaan ang kamalayan ng mga mag-aaral sa elementarya hinggil sa mga panganib at kaligtasang panghanap-buhay sa gawain ng pagmimina. Sa kontekstong ito, ang mga sumusunod na suliranin ay tutukuyin at susuriin:

Ano ang antas ng kamalayan ng mga mag-aaral sa mga panganib na kaakibat ng pagmimina?

Paano nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga kaligtasan at proteksiyon na dapat isaalang-alang sa industriya ng pagmimina?

Ano ang mga kasalukuyang programa at estratehiya sa paaralan na naglalayong itaas ang kamalayan ng mga mag-aaral tungkol sa pagmimina?

Paano nakakaapekto ang lokal na konteksto, partikular ang lokasyon ng mga mag-aaral sa mga minahan, sa kanilang kamalayan at pananaw sa pagmimina?

Ano ang mga rekomendasyon upang mapabuti ang kamalayan at kaalaman ng mga mag-aaral hinggil sa mga panganib at kaligtasan sa pagmimina?

KABANATA 2

PAMAMARAAN NG PANANALIKSIK

Sa pag-aaral na ito, ang mga sumusunod na pamamaraan at hakbang ay gagamitin upang matukoy at masuri ang mga suliranin na nakapaloob sa pananaliksik. Ang layunin ay makuha ang antas ng kamalayan ng mga mag-aaral sa elementarya hinggil sa mga panganib at kaligtasan sa industriya ng pagmimina.

Disenyo ng Pag-aaral

Ang pananaliksik ay gumagamit ng deskriptibong pamamaraan upang ilarawan ang antas ng kamalayan at pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga panganib at kaligtasan sa pagmimina. Ang pamamaraang ito ay nagbibigay-daan sa masusing pagsusuri ng mga datos na nakolekta mula sa mga respondente.

Ang descriptive na aspeto ng disenyo ay nagbibigay-daan sa pagsusuri ng kasalukuyang antas ng kaalaman at kamalayan ng mga elementaryang mag-aaral hinggil sa pagmimina. Ito ay mahalaga upang maunawaan ang simulaing kanilang kasalukuyang pinagmulan bago pa man magkaroon ng mga interbensyon.

Ang disenyong ito ay ay nagbibigay-daan sa maayos na pagsasalin ng mga konsepto sa kamalayan ng mga mag-aaral. Tagatugon

Ang mga respondente ng pag-aaral ay mga mag-aaral mula sa Barangay Mabini at Barangay Mat-I na nasa antas ng elementarya. Ang mga mag-aaral na ito ay pipiliin sa pamamagitan ng purposive sampling upang matiyak na ang mga napiling respondente ay may direktang koneksyon sa konteksto ng pagmimina.

Kaligiran ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa Barangay Mabini at Barangay Mat-I, na parehong bahagi ng Distrito Dies sa Dibisyon ng Surigao City. Ang mga barangay na ito ay may mga natatanging katangian at konteksto na nakakaapekto sa kamalayan at pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga panganib at kaligtasan sa industriya ng pagmimina.

A. Barangay Mabini

Heograpiya: Ang Barangay Mabini ay matatagpuan sa tabi ng mga minahan at may mga aktibidad na may kinalaman sa pagmimina. Ang lokasyong ito ay nagiging dahilan upang ang mga mag-aaral ay magkaroon ng direktang exposure sa mga isyu ng pagmimina.

Komunidad: Ang komunidad ng Mabini ay binubuo ng mga residente na may iba't ibang antas ng kabuhayan. Maraming pamilya ang umaasa sa pagmimina bilang pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan, na nagiging sanhi ng mga isyu sa kalusugan at kalikasan.


B. Barangay Mat-I

Heograpiya: Katulad ng Barangay Mabini, ang Barangay Mat-I ay mayroon ding mga minahan sa paligid. Ang pagkakaroon ng mga minahan ay nagiging bahagi ng pang-araw-araw na buhay ng mga tao sa barangay.

Komunidad: Sa Barangay Mat-I, ang mga pamilya ay madalas na nakakaranas ng epekto ng pagmimina, kabilang ang mga panganib sa kalusugan at mga pagbabago sa kapaligiran. Ang mga mag-aaral mula sa barangay na ito ay maaaring magkaroon ng mga natatanging pananaw at karanasan na may kaugnayan sa pagmimina.

Ang mga paaralan sa Barangay Mabini at Barangay Mat-I ay nag-aalok ng edukasyon sa antas ng elementarya. Ang mga mag-aaral sa mga paaralang ito ay nahaharap sa mga hamon na dulot ng kanilang lokal na konteksto, lalo na ang mga isyu na may kaugnayan sa pagmimina. Ang edukasyon ay mahalaga upang mapalawak ang kanilang kaalaman tungkol sa mga panganib at kaligtasan sa industriya ng pagmimina.

Ang kaligiran ng pananaliksik ay nagbibigay-diin sa lokal na konteksto ng Barangay Mabini at Barangay Mat-I, na may malaking epekto sa kamalayan ng mga mag-aaral hinggil sa mga panganib at kaligtasan sa industriya ng pagmimina. Ang mga natuklasan mula sa pag-aaral na ito ay inaasahang magiging mahalaga sa pagbuo ng mga makabuluhang programa at estratehiya na magpapalawak ng kaalaman at kamalayan ng mga kabataan sa mga isyung ito.



Template 1. Mapa ng Baranggay Mabini at Barangay Mat-i, Surigao City, Surigao del Norte

Instrumento ng Pananaliksik

Ang instrumento ng pananaliksik na ito ay dinisenyo upang makuha ang mga kinakailangang datos na tutugon sa mga layunin at suliranin ng pag-aaral hinggil sa kamalayan ng mga mag-aaral sa elementarya sa Barangay Mabini at Barangay Mat-I tungkol sa mga panganib at kaligtasang panghanap-buhay sa gawain ng pagmimina. Ang mga sumusunod na instrumento ay gagamitin sa pag-aaral:

Ang pangunahing instrumento ng pananaliksik na ito ay ang talatanungan na binubuo ng mga katanungan na nakatuon sa mga sumusunod na aspeto:

- A. Demograpikong Impormasyon
- B. Kamalayan sa Panganib
- C. Pag-unawa sa Kaligtasan
- D. Kaalaman sa mga Programa at Estratehiya
- E. Epekto ng Lokal na Konteksto
- F. Rekomendasyon

Bilang karagdagang instrumento, ang mga semi-structured na interbyu ay isasagawa sa mga guro at magulang upang makuha ang kanilang pananaw at karanasan tungkol sa mga isyu ng pagmimina. Ang mga interbyu ay tutok sa mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang iyong pananaw sa mga panganib na dulot ng pagmimina sa mga bata?
2. Paano mo nakikita ang papel ng paaralan sa pagpapalawak ng kamalayan ng mga mag-aaral tungkol sa pagmimina?
3. Ano ang mga hakbang na dapat gawin ng komunidad upang mapanatili ang kaligtasan ng mga mag-aaral na nakatira malapit sa mga minahan?

Sa Paggamit ng mga instrumentong ito, maaaring makalikom ng komprehensibong datos ang mga mananaliksik upang masuri ang antas ng kamalayan at kaalaman ng mga mag-aaral sa elementarya hinggil sa kaligtasan at panganib sa gawain ng pagmimina.

Paraan sa Pangangalap ng mga Datos

Ang pangangalap ng datos ay isang mahalagang bahagi ng pananaliksik na ito, na naglalayong suriin ang kamalayan ng mga mag-aaral sa elementarya hinggil sa mga panganib at kaligtasang panghanap-buhay sa gawain ng pagmimina. Ang mga sumusunod na pamamaraan ay gagamitin upang mangolekta ng datos mula sa mga respondente:

Ang pangunahing paraan ng pangangalap ng datos ay ang pagsasagawa ng survey gamit ang talatanungan. Ang talatanungan ay ipapamahagi sa mga mag-aaral sa mga paaralan sa Barangay Mabini at Barangay Mat-I. Ang survey ay isasagawa sa mga oras ng klase, sa ilalim ng pangangasiwa ng mga guro, upang masiguro ang maayos na pagpapatupad. Ang mga mag-aaral ay bibigyan ng sapat na oras upang sagutan ang talatanungan nang walang presyur. Ang mga respondente ay bibigyan ng garantiya na ang kanilang mga sagot ay mananatiling kumpidensyal at hindi ibabahagi sa iba, upang masiguro ang kanilang komportableng pagsagot.

Bilang karagdagan sa survey, ang mga semi-structured na interbyu ay isasagawa sa mga guro at magulang. Ang mga interbyu ay magbibigay ng mas malalim na impormasyon at pananaw tungkol sa mga isyu ng pagmimina at kaligtasan. Ang mga guro at magulang ay pipiliin batay sa kanilang karanasan at kaalaman sa mga isyu ng pagmimina. Ang mga ito ay maaaring isagawa sa kanilang mga tahanan o sa mga paaralan, depende sa kanilang kaginhawaan. Ang mga interbyu ay maaring i-record (na may pahintulot ng mga respondente) o isusulat sa pamamagitan ng mga tala upang mas madaling masuri ang mga sagot sa susunod na yugto.

Ang mga opisyal na dokumento mula sa mga paaralan o lokal na pamahalaan na may kaugnayan sa mga programang pang-edukasyon tungkol sa pagmimina ay susuriin. Ang mga ito ay maaaring magsama ng mga curriculum guides, mga ulat sa mga programang pangkalikasan, at iba pang mga materyales na nauugnay sa edukasyon sa pagmimina. Ang mga ulat mula sa mga nakaraang pag-aaral o lokal na pananaliksik na may kaugnayan sa pagmimina at kaligtasan ay maaaring gamitin bilang karagdaganang sanggunian.

Ang mga datos mula sa talatanungan ay susuriin gamit ang mga statistical tools upang matukoy ang antas ng kamalayan ng mga mag-aaral. Ang mga resulta ay ipapakita sa anyong mga talahanayan at grap upang mas madaling maunawaan. Ang mga resulta mula sa interbyu ay susuriin gamit ang thematic analysis. Ang mga pangunahing tema at pananaw na lumitaw mula sa mga sagot ng mga guro at magulang ay itatampok sa ulat.

Pagsusuri ng mga Datos

Ang pagsusuri ng datos ay isang mahalagang hakbang sa pananaliksik na ito, na naglalayong suriin ang kamalayan ng mga mag-aaral sa elementarya hinggil sa mga panganib at kaligtasang panghanap-buhay sa gawain ng pagmimina. Ang mga datos na nakolekta mula sa talatanungan at interbyu ay susuriin gamit ang mga sumusunod na metodolohiya:

A. Descriptive Statistics

Ang mga datos mula sa talatanungan ay susuriin gamit ang descriptive statistics upang matukoy ang mga pangunahing sukatan tulad ng:

Mean (Average). Ang average na antas ng kamalayan ng mga mag-aaral sa mga panganib at kaligtasan sa pagmimina.

Frequency Distribution. Ang bilang ng mga mag-aaral na may iba't ibang antas ng kamalayan, na nagpapakita ng kung gaano karaming mga respondente ang may kaalaman o walang kaalaman sa mga partikular na panganib.

Percentage. Ang porsyento ng mga mag-aaral na nakakaalam o hindi nakakaalam ng mga panganib at kaligtasan sa pagmimina.

B. Graphical Representation

Paggamit ng mga Grap at Talahanayan. Ang mga resulta ng pagsusuri ay ipapakita sa anyong mga grap at talahanayan upang mas madaling maunawaan ang mga datos.

Pie charts para ipakita ang proporsyon ng mga mag-aaral na may kaalaman sa mga kaligtasan at proteksiyon.

Pagsusuri ng Qualitative Data

A. Thematic Analysis

Ang mga resulta mula sa mga interbyu ay susuriin gamit ang thematic analysis. Ang proseso ay kinabibilangan ng: Pagbasa at Pag-uuri ng mga Sagot. Ang mga sagot mula sa mga guro at magulang ay babasahin at uuriin batay sa mga pangunahing tema o kategorya, tulad ng:

Kamalayan sa mga panganib ng pagmimina.

Mga hakbang sa kaligtasan na dapat isaalang-alang.

Opinyon sa mga kasalukuyang programa sa paaralan.

Pagbuo ng mga Tema. Pagkatapos ng pag-uuri, ang mga pangunahing tema ay bubuuin at ilalarawan upang ipakita ang mga pananaw at karanasan ng mga respondente.

B. Pagbuo ng Ulat

Ang mga natuklasan mula sa quantitative at qualitative analysis ay isasama sa isang komprehensibong ulat.

Detalyadong talakayan ng mga natuklasan at ang kanilang kahulugan. Pagsusuri sa mga kaugnayan sa pagitan ng mga datos mula sa talatanungan at interbyu. Ang mga natuklasan ay dapat bigyang-konteksto sa lokal na kalagayan ng mga barangay, pati na rin sa mga umiiral na programa at inisyatiba sa edukasyon. Ang interpretasyon ay dapat magpaliwanag kung paano ang mga resulta ay maaaring makaapekto sa mga rekomendasyon para sa pagpapabuti ng kamalayan at kaligtasan ng mga mag-aaral sa pagmimina.

KABANATA 3

ANALISIS AT PRESENTASYON NG MGA DATOS

Ang pagmimina ay isang mahalagang industriya sa maraming bansa, ngunit ito rin ay kaakibat ng iba't ibang panganib at isyu sa kaligtasan. Upang masuri ang kamalayan ng mga mag-aaral tungkol sa mga panganib na dulot ng pagmimina at ang mga hakbang sa kaligtasan, isang kwestyuner ang isinagawa. Ang pagsusuri at presentasyon ng mga datos mula sa mga sagot ng mga respondente ay makatutulong sa pagbuo ng mga rekomendasyon at estratehiya upang mapabuti ang kamalayan ng mga mag-aaral.

Talahanayan 1. Distribusyiyon ng Kasarian ng mga Tagatugon

Kasarian	f	%
Babae	87	48.33
Lalaki	93	51.67
<i>Total</i>	180	100

Ang bilang ng mga lalake ay mas mataas ng 6 na tao kumpara sa mga babae. Ito ay nagpapakita na mayroong bahagyang higit na representasyon ng mga lalake sa mga respondente.

Ang datos na ito ay mahalaga para sa pagbuo ng mga programa na naglalayong itaas ang kamalayan tungkol sa mga panganib at kaligtasan sa pagmimina. Maaaring kailanganin ang mga espesyal na inisyatibo upang masiguro na ang mga babae ay may sapat na representasyon at boses sa mga diskurso.

I. Antas ng Kamalayan sa mga Panganib ng Pagmimina

1.1 Ano ang iyong nalalaman tungkol sa mga panganib na kaakibat ng pagmimina?

Ipinapakita sa Talahanayan 2.1 ang mga resulta tungkol sa mga panganib na kaakibat ng pagmimina ay mahalaga upang maunawaan ang kanilang antas ng kaalaman at pag-unawa sa mga isyung ito. Sa pamamagitan ng kwestyuner, tinanong ang mga respondente kung ano ang kanilang nalalaman tungkol sa mga panganib na dulot ng pagmimina gamit ang mga antas mula sa "Napakababa" hanggang "Napakataas."

Talahanayan 2.1. Datos ng Kamalayan

Antas ng Kamalayan	Porsyento (%)
Napakababa	5%
Mababa	15%
Katamtaman	30%
Mataas	35%
Napakataas	15%

Ang kabuuang porsyento ng mga respondente na pumili ng "Mataas" (35%) at "Napakataas" (15%) ay umabot sa 50%. Ipinapakita nito na kalahati ng mga respondente ay may mataas na antas ng kamalayan sa mga panganib ng pagmimina. Ang 30% ng mga respondente ay pumili ng "Katamtaman," na nagpapahiwatig na may mga tao pa ring hindi ganap na nakakaunawa sa mga panganib, ngunit may kaalaman sila sa mga pangunahing isyu. Sa kabuuan, 20% ng mga respondente ang pumili ng "Mababa" (15%) at "Napakababa" (5%). Ipinapakita nito na may ilang mga respondente na may limitadong kaalaman o kamalayan tungkol sa mga panganib na dulot ng pagmimina.

Ang analisis ng datos tungkol sa kamalayan ng mga respondente sa mga panganib na kaakibat ng pagmimina ay nagpapakita ng isang positibong antas ng kaalaman sa pangkalahatan, ngunit may mga puwang pa na dapat punan. Ang mga hakbang na nakatuon sa edukasyon at impormasyon ay mahalaga upang matiyak na ang lahat ng mga mag-aaral ay may sapat na kaalaman at kamalayan tungkol sa mga panganib ng pagmimina. Sa pamamagitan ng pagtutok sa mga programang ito, mas magiging handa ang mga mag-aaral na harapin ang mga isyu at hamon kaugnay ng pagmimina.

1.2 Sa iyong palagay, ano ang pinakakaraniwang panganib na nauugnay sa pagmimina?

